# Sports development program sa mga paaralan at komunidad, palalakasin ni Mayor Joy B

Palalakasin ni Quezon City Mayor Joy Belmonte ang sports development program ng lungsod upang mailayo ang mga kabataan sa illegal drugs at mahubog ang potential talents sa sports tulad na lamang ni Pambansang Kamao at Senator Manny Pacquiao.

Ang pahayag ay ginawa ni Belmonte bilang reaksiyon sa pagsusulong ni Pangulong Rodrigo Duterte na magkaroon ng national Academy of Sports sa mga high school students bilang daan sa pagpapasigla ng sports sa mga kabataan.

"Bubuhayin natin ang nauna nating plano na palakasin ang sports program ng siyudad upang mailayo ang ating mga kabataan sa tukso ng ilegal na droga. Sa ganitong paraan, makakadiskubre tayo ng mga atleta na maaari nating isabak sa mga kumpetisyon at makapagbigay ng karangalan sa bansa. Hindi natin alam, baka nasa Quezon City na ang magmamana sa trono ni Manny Pacquiao," pahayag ni Belmonte.

Binigyang diin ni Belmonte na ang pagsusulong ni Pangulong Duterte sa sports academy ay isang ideal complement para sa sports development plan ng lungsod.

Kaugnay nito, hiniling ni Belmonte kay Vice Mayor Gian Sotto na sertipikahan bilang urgent ang pagpasa sa comprehensive sports code upang maipatupad agad ang programa hinggil dito. *(Angie dela Cruz)*